

Mga Tula sa Filipino-SOX na Zines: Túngo sa Pagpapakilala ng Multilingguwal at Multikultural na Komunidad sa Timog Mindanao

HANNAH A. LECENA

hannah.lecena@phsa.edu.ph

Philippine High School for the Arts, Makiling Los Baños

ABSTRAK

Ang Filipino SOX ay tumutukoy sa pinaghalong mga wika sa Mindanao tulad ng wikang Tagalog, Sebwano, at Hiligaynon na madalas sinasalita at naririnig sa loob ng Rehiyon Dose o SOCCSKSARGEN Region. Sa kasalukuyan, maraming umuusbong na tula sa rehiyon na inilimbag sa anyo ng zines na gumagamit ng hybrid o variety ng wika dulot na rin ng pandarayuhan, heograpikal na lokasyon, at iba pang salik na nakaiimpluwensiya sa pagpapalitan ng kultura at wika ng mga táong naninirahan dito. Sa pag-aaral na ito, nilapatan ng tematikong pagsusuri ang mga teksto ng piling tula na nakasulat sa Filipino SOX o Filipino ng SOCCSKSARGEN. Mula rito, natuklasang bukod sa lokalisasyon ng wika na ipinamalas ng makata, makikita rin ang kaniyang kontekstuwalisadong danas na nakaugat sa kaniyang sariling bayan. Makikita ito sa mga tema sa tula na pawang tumatalakay sa mabubuting kaugalian at kultura ng isang batà na payak na naninirahan sa kanilang banwa. Ang mga tula ring ito ay tungkol sa kabataan ng persona kapiling ang kalikásan at kung paano ito unti-unting nagbago dulot ng ilegal na pagputol ng punò. Lumilitaw rin ang pangungulila sa bayan na kaniyang nilisan. Nabanggit din sa tula ang mga suliranin tulad ng kahirapan, diskriminasyon sa kasarian, at polusyong masasalamin sa realidad na isinasalaysay ng makata. Sa madaling sabi ay maaaring gamitin ang Filipino-SOX upang isulat ang sariling danas, damdamin at kamalayang panlipunan ng makata at ng kaniyang sariling bayan sa anyo ng zines, sa wika ng kaniyang dila, at sa sinasalita ng kaniyang lingguwistikong komunidad. Isa itong posibilidad at paraan ng pag-aakda ng kaniyang komunidad bilang ambag sa panitikang Pilipino.

Mga susing salita: Filipino SOX, Tema, SOX, Wika, Zines

ABSTRACT

Tagalog SOX, a mixture of Tagalog and other varieties of Visayan language such as Cebuano and Hiligaynon are commonly used within in region 12 or SOCCSKSARGEN. Nowadays, there are emerging poems in the region that are printed and published in the form of zines, using hybrid languages caused by immigration, geographical location, and other factors that influence the culture and language of the people. In this paper, the researcher analyzed selected poems written in Tagalog SOX using thematic analysis. Based on the analysis, it can be said that apart from the localization of language, the contextualized experience of the poet who is rooted in his community can also be seen. The themes of the poems are about good values, costumes and cultural orientation of a child who is simply living in his village. These poems are also about the person's youth with nature and how it gradually changes due to the illegal cutting of trees. This also includes the homesickness or nostalgia of the town he left. Problems such as poverty, gender discrimination and pollution are also mentioned in the poem as part of the reality narrated by the poet. In short, Tagalog-SOX can be used to write the poet's own experience, feelings and social awareness in his own country in the form of zines in the language of his mother tongue; the language spoken by his linguistic community. This is a possibility and a new way of writing his country as a contribution to Filipino literature.

Keywords: Tagalog SOX, Themes, Language, SOX, Zines

PANIMULA

May umiiral nga bang varayti ng “Filipino” sa Mindanao? Ano ang pagkakatulad o pagkakaiba nitó sa Filipino mula sa Katagalugang Luzon? Ang terminolohiyang Filipino SOX sa papel na ito ay nagmula sa terminong Tagalog Sox ng iskolar na si Karlo Galay David na mula sa Kidapawan. Sa kaniyang mga panayam at paskil sa social media, aniya, ang Tagalog SOX ay katawagan para sa diverse na hanay mga lokalisadong creolization ng Tagalog na sinasalita sa Rehiyon 12. Sa pananaliksik na ito, Filipino SOX ang idiniin ng mananaliksik upang isáma sa pagsusuri ang iba pang mga wika sa Mindanao tulad ng Hiligaynon at Sebwano na malayang nagkakahalo. Hindi nakapagtataká ang katotohanang ito dahil tunay ngang isang multikultural at multilingguwal na rehiyon ang SOX o SOCCSKSARGEN. Dagdag pa ni David,

Ang tunay na sentro ng lingguwistikong pagkakaiba-iba at pagsasama-sama sa Mindanao ay ang SOCCSKSARGEN, kung saan ang mga wika ng settler ay mas natural na naghahalo (bagaman sinasabi ko pa rin na hindi ito sapat) sa mga wika ng Moro at Lumad (David, 55; akin ang salin).

Idiniin sa kaniyang pag-aaral ang iba’t ibang pananalita ng mga komunidad sa mga pulo sa Pilipinas lalo sa Timog ng Mindanao na pinaniniwalaang nagsasalita ng iba’t ibang bernakular na wika. Si Rubrico ang unang nag-aral ng Tagalog variety taóng 2011 sa konteksto ng Davao (David, 10).

Inilarawan ni Rubrico ang dalawang uri ng Filipino na sinasalita sa Davao: ang pagpapalit ng koda sa pagitan ng wikang Tagalog at English na tinatawag na Taglish; at ang Tagalog-Sebwano na pagpapalit-koda kung saan siya nakatutok. Tinukoy din niya na ang huling barayti na ito ay tinatawag ding Tagbis, ‘-isang portmanteau ng Tagalog at

Bisaya (isang hindi tumpak na kolokyal na termino para sa Sebwano) (David 10; akin ang salin).

Dulot ito ng pagpapalit-koda at paghahalo-halo ng mga wika mula sa iba’t ibang pangkat dulot na rin ng impluwensiya ng pag-uugnayan ng mga tao mula sa iba’t ibang sulok ng Davao na nagsasalita rin ng Tagalog. Kung gayon, maaaring sabihin na hindi nakapagtatakang maririnig ang pinaghalong Bisaya at Tagalog tulad ng *Makapagod na araw god ito ngayon (Nakapagod talaga ang araw na ito)*. Ang salitáng “god” ay mga pormularyong panlipunan na madalas ginagamit ng mga Sebwano/Bisaya tulad ng “guid”, “ti” “bala” ng mga Ilonggo gámit ang wikang Hiligaynon. Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang terminong Filipino Sox upang tukuyin ang iba pang barayti ng wika na sinasalita sa komunidad ng mga taga-Rehiyon Dose.

Samantála, sa pag-aaral na “Pagsusuri sa Varayti at Varyasyon ng SOX Tagalog; Isang Komparatibong Pag-aaral,” na isinagawa ng mga mag-aaral ng Mindanao State University noong 2022, lumalabas na may pagbabago sa morpolohiya ng mga pangungusap sa Filipino SOX ngunit ito naman ay nauunawaan pa rin kapag ginagamit.

Sa kaso ng varayti at varyasyon ng Tagalog SOX, naanalisa ng mananaliksik ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa morpolohikal na anyo ng unang wika kung saan nababago nitó ang kayarian at anyo ng salita ngunit napananatili pa rin ang payak na kahulugan ng salita (Indayon et al., iv)

Dagdag pa ni David, maaaring magamit ang Davao Filipino sa pagsusulat ng panitikan

Ang Davao Filipino noon ay maaaring gamitin bílang isang wikang pampanitikan, bílang direktang pagsasalita sa diyologo, sa pagsasalaysay, o bílang di-tuwirang pananalita sa pangatlong panauhan, o bílang bahagi ng pagbibigay-panuto. Ang pag-akses nitó sa higit sa isang leksikon ng wika ay nag-

aalok ng terminological precision pati na rin ang eleganteng pagkakaiba-iba, at ang mga pinagmulan nitó sa kolokyal na paggamit, sa halip na limitahan ito bilang isang paraan lamang ng pagpapahayag, ay maaari gamitin sa iba't ibang paraan (David, 61; akin ang salin)

Katunayan, noong 2021, nagwagi ng Jimmy Balacuit's Literary Awards sa Iligan National Writers Workshop ang mga tula ni Christian Castronuevo mula sa Tacurong City na nakasulat sa Filipino SOX. At na-nominate naman sa Kasingkasing Press sa 2022 Filipino Readers' Choice Awards for Poetry ang "Klaro na Masyado: Poems in Tacurong and Kabacan Tagalog, 2020" ni Gerald Galindez na mula rin sa parehong siyudad, na maituturing na siyang nagpasimula ng Filipino SOX. Ito ay itinuturing na pagsulong ng panitikan sa rehiyon gamit ang sariling wika o sariling paraan ng paggamit ng wika sa pagsusulat ng mga akdang pampanitikan.

KATITIKAN NG MINDANAO AT SOX

Marami-rami na rin ang nagsusulat sa rehiyon, isa ito sa nagpapatunay na sumusulong ang panulatan at panitikang rehiyonal na naglalayong isulat ang iba't ibang danas at katotohanan ng iba't ibang komunidad sa ating mga bayan. Sa Mindanao, may mga antolohiya na nabuo mula sa kontribusyon ng mga manunulat sa iba't ibang bahagi ng rehiyon tulad ng Rehiyon 11 partikular na ang Davao sa pangunguna ng Davao Writers Guild, ang Bukidnon at Iligan na may Bathalad-Mindanao. Ang MSU-IIT naman ay nagsasagawa ng National Writing Workshop taon-taon. Nagkaroon din ng antolohiyang Tinubdan sa Northern Mindanao na nilahukan ng mga manunulat mula sa Cagayan de Oro, Bukidnon, Butuan, at iba pang probinsiya upang iparinig ang sariling boses ng bawat manunulat sa iba't ibang genre kung saan sina Yandug, Paulma, at Cotejar ang nagsilbing editor. Ang Mindanao Harvest 4 naman ay nagkamit ng National Book Award sa kategorya ng Antolohiya sa Wikang Ingles na pinamatnugutan nina Christine Ortega, Jaime Lim, at Ricardo de Ungria. Nagpapatunay na buhay ang panitikan ng Mindanao. Sa pag-aaral ni Christine Ortega na "The Quest for Peace in the Literatures of Mindanao" ay kaniyang isinaad ang sumusunod:

Maraming mga antolohiya, aklat, o teksbuk mula sa Mindanao na isinulat ng mga taga-Mindanao ang nailathala ngunit ito ay kakaunti pa rin dahil sa maraming salik. Ang matapang na pagtatangka lalo na ng iilang editor tulad nina Aida Rivera Ford, yumaong Antonio R. Enriquez, Macario D. Tiu, at Jaime An Lim gayundin ang maagang pagsisikap ng yumaong Alfredo Navarro Salanga at Tita Lacambra Ayala sa Davao ay pinansin ng mga edukador at iba pang manunulat mula sa Maynila ang isang isla na madalas napababayaan at hindi

nauunawaan kung saan nananaig hanggang ngayon ang impresyon ng tunggalian, may digmaan man o wala. (167; akin ang salin)

Mula sa pahayag, mahihinuha ang kahalagahan ng pagtatangkang isulat ang kaganapan sa Mindanao ng mga taga-Mindanao upang maging daan tungo sa kalinaw. Batay na rin sa panayam sa isa sa mga manunulat at historian na si Macariu Tiu, na mula sa Davao, tinanong si Tiu kung ano ang inaasahan niya sa panitikan ng Mindanao, aniya may mga grupo ng manunulat sa pulo at sana ay mas marami pang lumitaw, upang panatilihin ang alab ng panitikan sa Mindanao. Nagsasagawa rin ang mga ito ng mga workshop at nag-publish online. Aniya, nawa'y dumami pa ang kanilang tribu.

Samantála, dagdag naman ni Ortega sa kaniyang pag-aaral sa panitikan at kultura ng Mindanao,

Sa postkolonyal na pagsulat ngayon, ang manunulat sa Mindanao ay nananatitiling tapat sa kaniyang mga kultural na tradisyon na ipinakikita nitó sa mámbabasá—ang pagpapaunawa sa nuances ng isang kultura sa pamamagitan ng wika. Kung ang teksto ay nása Ingles, ito ang sinabi nina Ashcroft, Griffiths at Tiffin tungkol sa pag-agaw ng manunulat sa wika ng sentro at pagpapalit nitó sa isang diskursong ganap na inangkop sa kolonisadong lugar." (Ashcroft, Griffiths, at Tiffin, 1991) (169; akin ang salin).

Ayon sa akda ng Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbea, ang pangunahing bisa ng panitikang panrehiyon ay ang panloob na panining nagpapalalim at nagpapatibay sa pag-ugat ng mga akda sa tradisyonal na kultura ng rehiyon (165). Kaugnay nitó, tunay na makikita ang partikularidad ng búhay sa rehiyon tulad ng Rehiyon 12 o SOCCSKSARGEN kung saan matatagpuan ang mga lalawigan ng South Cotabato, Cotabato, Sultan Kudarat at Sarangani, lungsod ng Kidapawan, Tacurong, Koronadal at General Santos. Ang itinuturing na sentro ng panrehiyong sentro nitó ay ang Lungsod ng Koronadal sa South Cotabato at ang sentro ng kalakalan ay ang General Santos. Matatagpuan sa Rehiyon 12 ang iba't ibang grupo at organisasyon ng mga manunulat at artista na nagtatanghal at nagsusulat. Nariyan ang Sigaw-Heneral, Bigkas-Sarangani ng Sarangani Province, Sultan Kudarat Writers Association ng Sultan Kudarat, Tacurong Writers Guild, Sarangani Writers Guild, Manug-isa, SOX Collectives, Maratabat at iba pang pangkat ng mga manunulat na patuloy na nangangasiwa at nagsasagawa ng zines festival at spoken word event bilang pagdiriwang ng sining at panitikan. Katunayan, may mga manunulat na pinarangalan mula sa rehiyon tulad nina Rita Gadi, Estrella Golingay, Romeo Roulo, Mary Anne Ordinario, Generoso Opolencia, Karlo David, Jade Mark Capiñanez, Gilbert Tan, Noel Pingoy, Jude Ortega, Michael Jude Tumamac, Mhubarak Tahir, Norman Ralph Isla, Teng Mangansakan, Gerald Galindez, Kurt Comendador, Kwesi Junsan, Paul Randy Gumanao, Nal Andrea Jalando-on, Jim Raborar, Adrian

Pregonir, Alvin Larida, Hannah Leceña, Christian Castronuevo, at Marianne Bullos na pawang nagsusulat sa iba't ibang wika na sinasalita sa loob ng rehiyon partikular na ang wikang Sebwanó at Hiligaynon. Mas nakilala pa nga ang pagsusulat dahil sa pagdaraos ng Zines Festival taon-taon kasáma ang mga mag-aaral ng iba't ibang pamantasan at unibersidad sa lungsod. Hindi lámang sa zines fest itinaguyod ng mga manunulat sa rehiyon ang panitikang SOX kundi sa pamamagitan ng pagbuo ng mga grupo o literary community na nagdaraos ng writing workshop, author talk, at mga palihan na makatutulong sa paglinang at paghasa sa mga kakayahan at kasanayan ng mga taga-SOX sa pagsusulat. Kabilang na rito ang 1st SOX Writers Camp noong 2019, ang TAHAD Writing Workshop in Kinaray-a noong 2020, at ang SWL Writing Workshop 2022 na pinangunahan ng Sarangani Writers League. Nagkaroon din ng mga kompetisyon tulad ng SULAT SOX, at LAGULAD PRIZE. Mababása rin ang mga katha ng mga bátang manunulat ng rehiyon sa Cotabato Literary Journal (CLJ) na nagsimula noong 2017. May mga manunulat sa rehiyon na nakatanggap ng publication grant tulad ni Leceña na nakatanggap ng grant mula sa KWF at National Book Development Board noong 2022. Sa kasalukuyan, mayroon ding mga publishing house sa rehiyon tulad ng Aklat-Alamid, Bidadali Press, at ABC children's books.

Sa tagumpay na ito sa larangan ng pagsusulat at pagbabasá ng mga panitikan, patuloy rin ang kabilang pagtatanghal ng spoken word at poetry reading session ang idinaos sa iba't ibang lungsod. Ang mga spoken word ni Galindez na nakasulat sa Filipino SOX ay napakinggan na rin sa Bigkas Pilipinas at sa radyo. Kung gayon, makikita sa mga gawaing ito ang napakaraming posibilidad ng pagkatha at pagtatanghal gamit ang Filipino SOX. Hindi rin maipagkakaila ang pagsibol at paggamit ng iba't ibang anyo ng sining tulad ng spoken word at pagsusulat gamit ang bernakular na wika at mga wikang hybrid o varyasyon ng isa pang wika tulad ng Filipino SOX sa anyo ng zines. Ang zines o mas pinaikling magazines ay isang babasahing kinapalolooban ng mga tula at akda ng sinumang gustong maglathala ng kanilang likhang-sining. At ito ang dinalumat ng papel na ito. Sinuri ng pag-aaral na ito ang mga piling piyesa na nakasulat sa Filipino SOX na nailimbag sa anyo ng zines sa nakaraang Zines Fest 2022 sa Lungsod ng General Santos. Layon ng pananaliksik na sagutin ang sumusunod na tanong: Ano ang tema at pinulungan ng mga tula na nakasulat sa Filipino Sox? Paano nabuo ang varayting ito? At paano ito nagagamit sa pagsasatitig ng hulagway ng panitikang panrehiyon?

WIKA AT KULTURA SA PANITIKAN NG MINDANAO

Ayon kay Jocson (2016) ang wika ang namamagitan upang maunawaan ang sarili, karanasan, kapuwa-tao paligid, mundo, obhetibong realidad, panlipunang realidad, politika, ekonomiya, at kultura (3). Dagdag pa niya,

isa sa katangian ng wika ay ang pagsandig nitó sa kultura. Nangangahulugang magkabuhol ang dalawa, sapagkat sa pananalita at diwa ng isang pangkat matatagpuan ang kaniyang paniniwala at tradisyon. Anuman o sinuman ang mandarayuhan at makaranas ng mga pangyayari, ay matuto ng ibang paraan ng pag-iisip at pamumuhay at tiyak na maiimpluwensiyahan ang wika. Mabilis na lumalawak ang mga salitáng hiram at nagiging bokabularyo kinalaunan. Sa madaling sabi ang wika ay kamalayan. Katunayan, sa bawat pag-aaral ay laging binibigyan ng diin din na ang wika ay kabuhol ng kultura at hindi maaaring mapaghiwalay. Kasabay ng dinamikong pagbabago sa kultura at kaugalian ng lipunan ay ang pagbabago ng kaniyang wika tulad ng pag-usbong ng mga panibagong salita dulot ng nagbabagong panahon. Kayâ marahil ay binanggit din ni Jocson na ang wika ay isang penomeno o pangyayaring panlipunan (38) sapagkat ito ay ginagamit ayon sa gamit o sitwasyong paggamitan nitó. Kayâ hindi maipagkakamaling repleksiyon ng wika at kultura ang isa't isa dahil ang wikang sinasalita ay naiimpluwensiyahan ng uri ng pamumuhay ng isang partikular na pangkat sa lipunan. At ang wika at kultura rin ng isang komunidad ang bumubuo sa panitikan nitó.

Ayon pa nga sa aklat ni Villaluz, na *Nalandangan: Kulturang Kapayapaan ng Inay Malindang ng Talaandig* ang wika ay tulay. Aniya, “ang yaman ng wika ang magsisilbing tulay na magpapalitaw sa mithiin at panlipunang kamalayan. May angking yaman ang bawat wika na nagbibigay ng akmang lasa sa konteksto ng usapin” (142). Nangangahulugan na ang bawat wika ay kalinangan ng bawat pangkat at bahagi ng kanilang identidad at oryentasyon.

Kaugnay nitó, hindi maitatangi na hindi lámang iisa ang wikang ginagamit sa isang multikultural na komunidad tulad ng Mindanao. Dulot ng pandarayuhan at iba't ibang impluwensiya mula sa labas tulad ng akulturasyon o kinship, pananakop, pag-aasawa, paghahanapbuhay, pakikipagkapuwa, pagdami ng mga dayo, heograpikal na aspekto at iba pang salik kayâ maraming nabuong varayti o varyasyon ng wika tulad ng Binisaya ng Sarangani na iba sa Sebwanó ng Cebu o tulad ng Hiligaynon sa South Cotabato na kaiba sa Hiligaynon sa Antique o Iloilo. Ayon pa kay Mac Tiu, sa kaniyang foreword sa akda ni Elizabeth Joy Quijano na *Dili Pwede Mogawas*, ang wikang Bisaya ay malayang dumadaloy.

What struck me about the story was the odd use of the spoken Bisaya which I would describe as free-flowing, and which somehow reminded me of the earlier stories of the American writer Jesse Stuart (pahina vii).

Nagustuhan rin niya ang pagtatampok ng mga sugilanong ito ng katutubong kulay (local color).

Layunin ng papel na ito na madalumat ang tema sa mga piling tula na nakasulat sa Filipino SOX na nailimbag sa anyo ng zines. Madalas na ginagamit ng kabataan sa Mindanao ang Filipino SOX at patuloy pa ring pinag-aaralan ang posibilidad nitó sa loob at labas ng akademya.

TEMATIKO AT TEKSTUWAL NA PAGSUSURI

Ang pag-aaral ay isang tematikong pagsusuri sa teksto-ang mga tula ni Christian Castronuevo mula sa sa Lungsod Tacurong ng Rehiyon Dose. Nagmula ang mga piling tula sa nakalimbag na zine mula ng rehiyon na nakasulat sa Filipino SOX partikular na ang zine na pinamagatang “Window Seat Itinerary” ni Castronuevo na lahok sa Zines Fest 2022 na ginanap sa General Santos. Ayon pa sa lektura ni Michael Jude Tumamac noong 2022, ito ay plataporma sa pagpapahayag ng damdamin o kaisipan.

Ang SOX ZINES Fest sa rehiyon ay nagsimula noong 2017 sa pangunguna ng mga manunulat mula sa Rehiyon 12. Lalo na ang reading advocate at awtor ng mga aklat pambata na si Tumamac a.k.a Xi Zuq kasáma ang iba pang manunulat sa rehiyon tulad nina Jude

Ortega, propesor Rossel Audencial ng MSU-GenSan, Doc Noel Pingoy, at iba pa. Ginanap ang unang SOX ZINES Fest sa Lungsod General Santos na dinaluhan ng mga aspiring writer mula sa General Santos, Sarangani, at iba pang karatig na probinsiya. Taóng 2018 nang ginanap ito sa Lungsod Koronadal. Ginanap naman ang sumunod na Zines Fest 2019 sa Tacurong City. Sa gitna ng pandemya, nag-organisa ng SOX ZINES Fest Online noong 2021 at sa Veranza, General Santos City noong 2022.

Dinalumat ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang limang piyesa na nakasulat sa Filipino SOX na nailimbag sa anyo ng zines sa nakaraang zines Fest 2022. Ang pagdalumat na ito ay tumutukoy sa pagsusuri sa teksto ng tula upang tukuyin ang temang lumilitaw sa mga tuláng nakasulat sa Filipino SOX at kung paano ito nabuo.

PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG DATOS

TEMA

Pamagat	Makabuluhang Pahayag	Mga kaisipan sa tula	Tema	Filipino Sox
Perstaym	Grade 3 ako Perstaym ko magpa-Arakan Perstaym din magkain sa karenderya. Giligpit ko ang mga plato Kay ako maghugas.	Mula sa tula, makikita ang kasipagan at pagkukusa ng isang batá sa paggawa tulad ng pagliligpit at paglilinis.	Kasipagan ng isang batá	Giligpit, Magkain
Igib	Malapit na ma-late si Ante Awardan niya ako niyan, Kay hindi ako nakawalis o nakahugas ng plato Pag sobrang inis na yan Magsabi yan, tigil na ako sa pag-aaral, At pabalikin ako sa Isulan. Hindi niya kasi maintindihan Ang kompetisyon sa ginaigiban.	Makikita pa rin ang pagtatrabaho ng isang batang musmos, tulad ng paggawa sa mga gawaing bahay, tulad ng pagwawalis at paghuhugas ng plato, at ang pagtatiyaga nitó na mag-igib sa igiban ng tubig sa kabila ng kompetisyon sa poso.	Pagtitiyaga ng isang batá	Awardan, nakawalis, nakahugas, magsabi, ginaigiban
Ayaw ko mag-uwi	Masaya ako sa mga kaibigan ko sa gubat. Kaya ko magtiwala sa kanila. Salamat sa tikbalang. Salamat sa mga duwende. Salamat sa mga sirena. Salamat sa mga engkanto. Salamat sa mga tiyanak. Salamat sa mga santelmo. Salamat sa mga kuring sa mundo. Lahat ng mga wish ko natupad gid Kay ayaw ko mag-uwi. Ayaw ko mag-uwi.....ayaw ko magsaing.	Sa buong tula, mababása na ayaw umuwi ng batá sa kanilang bahay. Siya ay dumaan sa gubat at kaniyang ikinuwento ang kaniyang nasaksihan tulad ng mga tikbalang, duwende, sirena sa ilog, at tiyanak na pinaparusahan ang mga kaklase at kakilala niya na may atraso sa kaniya. Wika ng persona masaya siya sa kaniyang mga kaibigan sa gubat. Ito ang itinuring niyang tagapagligtas.	Pagtutol o paglában ng isang batá	Kuring Natupad gid Mag-uwi
Sa Puno ng Narra	Gibalikan ko ang mga lugar Kung saan mga bata pa tayo. Naglakad-lakad ako sa tabi ng Tinanan Pero basura na ang mga nagalutang Nagakagat na ang dilim Pero wala na ang mga kuring mundo, Wala na din kasi ang mga kawayan. Nakita ko din ang mga bungtod sa unahan. Akala ko mga alitaptap. Kaingin pala. Gibalikan ko ang puno ng narra Kung saan tayo nagabahay-bahay Pero hindi ko na makita ang narra Gigawa mo na pala na bahay.	Sa tulang ito mababása ang tila nagkukuwentong persona tungkol sa kaniyang pagbabalik sa kanilang bayan kung saan nagbago na ang lahat. Kayrami ang nawala dulot ng industriyalisasyon at pag-usbong ng komersiyo sa kanilang lugar, maging ang kaniyang kalaro na minahal niya ay naging mayor ng kanilang lugar at ang dáting narra na kanilang tagpuan ay wala na dahil pinutol na ang mga kahoy at kinalbo na ang kagubatan para pagkakitaan o gawing tahanan.	Pag-alala sa pinagmulang probinsiya	Gibalikan Nagalutang Kuring Bungtod Naga-bahay-bahay Gigawa
Tacurong pagod na Ako	Pagod na ako maggising alas kwatro; Magpasok sa school tapos late man din. Pagod na ako makipagsiksikan sa multicab. Wala na ako gana maggawa lesson plan. Pagod na ako sa nagabago bago na mga mukha. Pagod na ako sa mga multo na giiwan na naga-sama-sama sa akin kahit saan. Pagod na ako magsulat ng mga kanta para sa'yo. Pagod na ako magsunog ng mga liham kay hindi mo man din kasi basahin. Pagod na ako magpaikot ng baso. Pagod na ang mga mata ko kada alas dos ng madaling araw. Pagod na ako sa alikabok mo na gipuno na ang mga baga ko. Naghalo na saa dugo. Naglapot. Nagdaloy sa mga ugat At gibalot ang utak at puso. Tacurong, palayain mo na lang ako. Hindi na gid ako makaginhawa.	Sa tulang ito, nais ipabatid ng persona na pagód na siya sa kasalukuyang lagay sa sariling lungsod, mula sa pagsiksik sa sasakyan at paglanghap ng alikabok. Pagód na rin siyang magsulat ng kanta at magsulat ng liham para sa isang minamahal. Makikita at mararamdaman din sa tula ang hirap ng persona sa paghinga o sa pagkabuhay sa ganoong uri ng sitwasyon.	Hinaing sa sariling lungsod	Magpasok Nagabago-bago Giiwan Naga-sama-sama Magpaikot Gipuno Naglapot Gid Makaginhawa

Ang tema ay tumutukoy sa pangunahing kaisipan na maaaring makuha o mahinuha habang binabasa ang isang anyo ng panitikan tulad ng tula.

ZINES: WINDOWS SEAT ITINERARY ni Christian Castronuevo

Mula sa pagsusuri ng mananaliksik, makikita ang sumusunod na tema sa mga tula ni Castronuevo: kasipagan at pagtitiyaga ng isang batà, kung paano mag-isip at kumilos ang isang batà lában sa mundo, pag-alala sa pinagmulang probinsiya, at hinaing sa sariling lungsod. Lutáng na lutáng sa mga tula ni Castronuevo ang sariling kultura ng isang batà sa isang partikular na lipunan. Sa kaniyang tula na “Perstaym” makikita ang kasipagan at pagkukusa ng isang batà sa isang karinderya. Ang akala ng persona ay kailangan niyang iligpit ang sariling pinagkainan dahil ito ang oryentasyon sa kaniyang pinanggalingan. Makikita ang pagkakawanggawa at pagiging masunurin ng isang batà lalo na sa pagtalima sa mga gawaing bahay. Gawaing bahay din ang kaniyang pinagtuonan sa tulang “Igib.” Pansinin ang linya,

Malapit na ma-late si Ante
Awardan niya ako niyan,
Kay hindi ako nakawalis o nakahugas ng plato
Pag sobrang inis na yan
Magsabi yan, tigil na ako sa pag-aaral,
At pabalikin ako sa Isulan.
Hindi niya kasi maintindihan
Ang kompetisyon sa ginaigiban.

Makikita rin ang pagiging matiyaga ng isang batà sa pag-iigib ng tubig para ipanligo. Makikita rin ang kultura ng pamilyang Pilipino na laging tinuturuan ang mga batà sa pagwawalis ng bakuran at paghuhugas ng plato. Naniniwala ang matatanda na kailangang maalam sa paggawa ng mga gawaing bahay at gawain sa kusina ang mga anak nila. Malayong-malayo sa kuwento ni Juan Tamad at iba pang mga batà na pinarusahan dahil sa katamaran. Katunayan, para pa ngang si Cinderella ang persona dahil tila naglalarawan siya ng kalunos-lunos na kalagayan o pagsisilbi sa kaniyang ante o tita/ tiya. Masisipat din sa tula ang himig ng paghihimagsik sa sariling kalagayan. Kapag natagalan siya sa pag-iigib ay “aawardan” siya ng kaniyang ante. Taliwas sa kahulugan ng “award” o premyo/gantimpala, ginamit ito ng persona upang ipahayag na siya ay “maparurusahan” ng kaniyang tiya. Sa kabataan sa rehiyon, madalas din ay ginagamit ang katagang “award” “best in award” “best in kasaba” upang tukuyin ang salitang *award* bilang negatibong bagay sapagkat taliwas o kabaliktaran ang ibig-sabihin nitó. Nangangahulugan ding tumatalima ang batà sa iniuutos sa kaniya ngunit may sapat na rin siyang kamalayan upang maláman na ito ay paraan ng pang-aabuso sa kaniya ng sarili pang kapamilya. Ang mismong akto ng pag-iigib din ay naglalarawan sa kahirapan ng búhay sa probinsiya dulot ng kakulangan

ng serbisyong pampubliko ng pamahalaan.

Ilan sa mga linya sa tula ang nagpapatunay rin ng kompetisyon o politika sa pag-iigib ng tubig:

Ang krus ng buhay ko, timba ng Happy Time,
Yung timba ng tinapay sa patay
Maganda ito kay kagaan lang
Kaso katagal mapuno nung drum.

Nagbanggit ang makata ng kultura tuwing may patay kung saan ang produktong biskuwit na Happy Time ay madalas ngang binibili upang ipameryenda sa mga nakikilamay at nagbabaraha. Isang partikular na detalye sa isang lamay sa probinsiya. Ipinakita rin ng makata sa kaniyang tula ang pagiging multikultural at multilingguwal ng kaniyang komunidad. Inilarawan niya ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng detalye sa kaniyang lunan.

Unang igib
Bahay sa harap, nagasamba kay Kristo
Bahay sa kanan, nagasamba sa mga anito.
Bahay sa kaliwa, nagasamba kay Allah.
Ako lang man wala may ginapaniwalaan dito.
Ang alam ko lang, dapat mapuno yung drum
Para di ako mapako sa krus.

Tinalakay ng persona ang iba’t ibang paniniwala at pananampalataya ng kaniyang komunidad. Patunay ang pagbanggit sa pangalang Kristo, Allah, at anito. Inilalarawan ng persona ang iba’t ibang relihiyon sa Mindanao. Sa kabiláng banda, idiniin din ang pagiging inosente ng batà. Nais niya lámang mapunô ang drum upang makaligo na. Sa kaniyang sumunod na tula ay makikita na ang persona bilang batà ay nakahanap ng kakampi sa gubat na kaniyang dinaraan pauwi sa kanila. Mula sa linya ng tula,

Masaya ako sa mga kaibigan ko sa gubat.
Kaya ko magtiwala sa kanila.
Salamat sa tikbalang. Salamat sa mga duwende.
Salamat sa mga sirena. Salamat sa mga engkanto.
Salamat sa mga tiyanak. Salamat sa mga santelmo.
Salamat sa mga kuring sa mundo.
Lahat ng mga wish ko natupad gid
Kay ayaw ko mag-uwi.
Ayaw ko mag-uwi.
.....ayaw ko magsaing.

Binanggit ng makata ang mga elemento na nagpapakita sa kaniya sa gubat tulad ng tikbalang, duwende, sirena, at mga engkanto. Nagpapatunay na naniniwala pa rin ang karamihan ng mga Pilipinong nakatirá sa probinsiya sa mga kababalaghan, poklore, mitolohiya, hiwaga at di-maipaliwanag na mga elemento o fenomeno. Ngunit, hindi tulad sa ibang kuwento na nagiging kalában ang mga ito, sa tula ay tila naging tagapagligtas ito ng persona. Ito ang nagtanggol sa kaniya lában sa kaniyang mga kaklase at kakilala na umalipusta, nang-away at nangutya sa kaniya. Ilang

kuwento na rin ng matatanda sa baryo ang nagsasabi na laging kinakaibigan ng mga elementong ito ang mga bata na laging mag-isa. Tinatawag din sila minsang abyan o aghoy, mga lamanlupa.

Patunay sa linya,
Sa malaking bato, may tao nag igapos,
Si Bernard. Ang hambog ko na seatmate.
Ginnapalibutan siya sa apat na sirena.

Samantála, sa tulang “Sa Puno ng Narra,” ginunita ni Castronuevo ang isang minamahal, gayundin ang kanilang tagpuan, ang Arakan bílang lunan. Sentro sa tula ang narra na sumisimbolo sa kanilang nakaraan, tulad ng paglalaro at pagkukuwentuhan sa lugar na iyon. Inalala ng persona ang kanilang kasaysayan tulad ng pag-alala sa kaniyang kabataan,

Gidala mo ako sa puno ng Narra
Kung saan tayo nagabahay-bahay
Gamit ang mga sakot at mga kahoy na panggatong.

Naglalarawan din ng kapayakan ng búhay ng mga batá sa parang na malayang naglalaro sa piling ng kalikásan. Naglalambitin sa mga punongkahoy at nagtatampisaw sa ilog.

Kung mag-uwi, sa tabi tayo ng Tinanan nagadaan
At ginasabwag natin sa ilog ang mga santan
Kay kulatahin gid ako ni tatay
Pagmag-uwi ako na may korona.
At naglutang ang mga bulaklak sa tubig
Tapos sige lang tayo tawa nang tawa.

Makikita rin sa murang gulang na ang persona ay binubugbog ng kaniyang Tatay kapag umuwi siyang may korona. Makikita ang nararanasang diskriminasyon sa seksuwalidad o gender orientation ng persona. Samantála, isinalaysay rin ng persona ang kaniyang nadama sa pagbabalik sa lugar ng kaniyang minamahal, lugar din ng kaniyang masayang kabataan.

Gibalikan ko ang mga lugar
Kung saan mga batá pa tayo.
Naglakad-lakad ako sa tabi ng Tinanan
Pero basura na ang mga nagalutang
Nagakagat na ang dilim
Pero wala na ang mga kuring mundo,
Wala na din kasi ang mga kawayan.
Nakita ko din ang mga bungtod sa unahan.
Akala ko mga alitaptap. Kaingin pala.
Gibalikan ko ang puno ng narra
Kung saan tayo nagabahay-bahay
Pero hindi ko na makita ang narra
Gigawa mo na pala na bahay.

Isa sa mga idiniin ang pagbabago ng mukha ng kanilang lugar dulot na rin ng pagbabago ng panahon at ang pagbabago ng kaniyang minamahal na nagkapamilya na at naging pinunò sa kanilang lugar. Sa

hulí ay makikita na pinutol na rin ang mga narra tulad ng pagputol ng nakaraan at pagputol sa kinabukasan ng mga taga-Arakan. Binanggit din ng makata ang “kaingin” bílang isang ilegal na gawain ng pagtatanim sa pamamagitan ng pagsunog o pagkalbo sa bukid. Maituturing ding paghihimagsik ang tulang ito lában sa mga di-makatarungang gawain ng tao o pamahalaan, maging sa pag-abuso sa kalikásan. Hindi nalalayo ang usapin ng kaingian sa usapin ng pagmimina o ilegal na pagputol ng mga punongkahoy sa bukid. Mula sa tula ay sisibol ang tanong na kumusta na ba ang bayan at ang mga bukirin?

Sa hulíng tula ng makata na pinamagatang “Tacurong, Pagod na Ako” ay direktang sinabi ng persona na pagód na siya sa pananatili sa isang matrapik at maalikabok na lungsod. Madarama sa mga taludtod ang pagtangi sa bayan ng Arakan na ibang-iba sa lungsod ng Tacurong na siyang lugar ng kaniyang kapaguran.

Pagod na ako maggising alas kwatro;
Magpasok sa school tapos late man din.
Pagod na ako makipagsiksikan sa multicab.
Wala na ako gana maggawa lesson plan.
Pagod na ako sa nagabago bago na mga mukha.
Pagod na ako sa mga multo na giwan
na naga-sama-sama sa akin kahit saan.
Pagod na ako magsulat ng mga kanta para sa’yo.
Pagod na ako magsunog ng mga liham
kay hindi mo man din kasi basahin.
Pagod na ako magpaikot ng baso.
Pagod na ang mga mata ko
kada alas dos ng madaling araw.
Pagod na ako sa alikabok mo
na gipuno na ang mga baga ko.
Naghalo na saa dugo. Naglapot.
Nagdalong sa mga ugat
At gibalot ang utak at puso.

Tacurong, palayain mo na lang ako.
Hindi na gid ako makaginhawa.

Kung ihahalintulad ang Tacurong sa ibang lungsod, maaaring sabihin na hindi ito iba. Tulad ng mga Pilipino sa Kalakhang Maynila na nagiging nang alas-kuwatro ng madaling araw upang bumiyaha sa kahabaan ng kalsada; upang huwag mahuli sa kanilang mga pások sa klase at opisina. Nabanggit din ang pakikipagsiksikan sa multicab na parehong realidad para sa mga tao na nagkokomyut araw-araw para makarating sa kanilang paroroonan. Sa madaling sabi, ang persona ay naglalabas ng hinaing at pagkapagod sa kaniyang kalagayan sa lungsod. Napapagod na siyang magsulat ng kanta na hindi naman binabása ng isang minamahal. Hindi na rin siya makahinga. Nangangahulugan na may isang lugar siya na gustong lipátan upang makahinga nang maluwag dahil pinapagod siya ng siyudad. Bagay na hindi maitatangi lalo pa sa mga tao na naninirahan sa lungsod na binago ng modernong teknolohiya, makinarya, at uri ng pamumuhay.

FILIPINO SOX: ANO ANG GINASALITA NG BAYAN?

Mula sa talahanayan sa itaas makikita ang pagbabagong morpoponemiko o paglalapi sa mga salita at kataga dahil sa kalikasan nitó na pinaghalong wikang Filipino at wika ng SOX na kinabibilangan ng Binisaya at Hiligaynon at iba pang varayti ng mga wika sa Mindanao.

Sa unang tula ni Castronuevo na “Perstaym,” makikita ang paggamit ng mga salitáng *magkain* at *giligpit* sa halip na kumain at iniligpit. Nagkakaroon ng pagbabago sa pagbuo ng salita at mga kataga dulot ng pagbabago ng paglalapi. Pinaniniwalaang ito ay dahil sa kombinasyon ng mga wika. Tulad ng panlaping mag- na laging ginagamit sa mga salitáng Sebwnano na magkaon, maghugas, maglaba.

Grade 3 ako

Perstaym ko magpa-Arakan

Perstaym din magkain sa karenderya.

Giligpit ko ang mga plato

Kay ako maghugas.

Ito ay maituturing na penomenong lingguwistiko o isang pangyayari dulot ng pagbabago ng lipunan. Tulad ng panlaping gi- na madalas makita sa unahan o bago ang salitang-ugat tulad ng “gisabi” “gidala” “giparamdam” at iba pang mga pandiwa na madalas naririnig na ginagamit ng kabataan sa kasalukuyan. Sa kaniyang mga tula ay makikita rin ang pagbabago ng paglalapi tulad ng paggamit ng naka- at mag-, gi- magpa-, naga- tulad ng mga sumusunod na salita: nakahugas, magsabi, gina igiban, nagalutang, nagalapot, at iba pa. Katunayan, ginagamit din ito sa pang-araw-araw na kumbersasyon o pakikipagkomunikasyon. Halimbawa:

Nakasimba ako kanina.

Nakaiyak ako sa sobrang galit.

Nakawalis na ako sa bakuran.

Ikaw na lang magsabi sa kaniya na klase na bukas.

Ilan din sa mga salitáng ginamit niya sa tula ay kapansin-pansin na iba ang pagkakabuo ng mga panlapi at gitlapi ngunit nauunawaan naman ng kausap, mambabasá o tagapakinig tulad ng sumusunod: gibalikan, nagalutang, naga-bahay-bahay, gigawa, magpasok, nagabago-bago, giiwan, naga-sama-sama, magpaikot, gipuno at nagalapot. Sa halip na binalikan, lumutang, nagbahay-bahay, ginawa, pumasok, nagbabago, nagsama-sama, pinunò, lumalapot. Gumamit din ang makata ng pinaghalong Ingles at Filipino tulad ng salitáng “awardan” na nangangahulugang mapagagalitan. Kapansin-pansin din ang direktang paggamit ng makata ng mga salitáng Sebwnano at Hiligaynon sa tula na makakapagtotoo na hybrid nga at nagko-code-switch ang lengguwahe na kaniyang ginamit sa tula. Patunay ang sumusunod na salita: bungtod, kuring, gid at makaginhawa. Ang bungtod ay salitang Sebwnano na nangangahulugang bukid o bukirin, ang salitang kuring ay mula sa Hiligaynon na

nangangahulugang pusa at makaginhawa na salitang Sebwnano na nangangahulugang makahinga.

Patunay na mga linya:

Nakita ko din ang mga **bungtod** sa unahan.

Salamat sa mga **kuring** sa mundo.

Hindi na gid ako **makaginhawa**.

Kung susuriing mabuti, hybrid nga ang lengguwahe na ginamit sa tula bunsod na rin ng halo-halong wika na ginagamit ng mga tao sa Rehiyon Dose na binubuo ng mga Kristiyano, Muslim, at Lumad at iba pang naninirahan sa loob ng komunidad dulot ng pandarayuhan. Sa kabila ng pagbabagong ito ng paggamit ng wikang Filipino na karamihan ay nása wikang Tagalog, nauunawaan pa rin naman ng mga mambabasá at nakikinig.

PAANO INILALARAWAN NG FILIPINO-SOX ANG PANITIKAN NG SOX AT NG MINDANAO SA PANGKALAHATAN?

Batay sa Pambansang Alagad ng Sining na si Lumbera, isang malaking usapin pa rin kung ano nga ba ang panitikang rehiyonal at kung ano ang bumubuo ng pambansang panitikan. Ngunit, idiniin niya na ang manunulat ang namimili ng mga salita, at manunulat din ang nagpapahiram ng laman ng kaniyang kamalayan sa mga salita upang magkaroon ng kahulugan ang mga ito (165). Ang mga manunulat tulad ni Castronuevo na gumagamit ng hybrid na wika partikular na ang pinaghalong Tagalog-Binisaya-Hiligaynon ng rehiyon ay maaaring kumakatawan sa komunidad ng madla na nagsasalita ng ganoong wika sa ganoong paraan; dahil si Castronuevo ay palipat-lipat din ng tirahan habang lumalaki. Sa sanaysay ni Lumbera na “Panitikang Panrehiyon Panitikang Pambansa: Magkabuklod at Magkarugtong” na matatagpuan sa kaniyang akda na *Writing The Nation*, idiniin niya na mahalagang linangin ang panitikang rehiyonal at ang mga panitikang nakasulat sa bermakular upang maiakda ang pambansang panitikan (156). Dagdag pa, ang panitikan ng rehiyon ay nakatuon sa patuloy na paglalarawan sa mga espesipikasyon ng búhay at danas sa dako pa rito ng mundo, bagay na isinulat ni Castronuevo sa kaniyang tula sa anyo ng zines.

LAGOM AT KONGKLUSYON

Ang mga tula ni Christian Castronuevo sa kaniyang zine na “Window Seat Itinerary” ay gumagamit ng Filipino SOX o pinaghalong wikang Filipino at iba pang barayti ng wikang Binisaya at Hiligaynon. Bukod sa lokalisasyon ng wika na ipinamalas ng makata, makikita rin ang kaniyang kontekstuwalisadong danas na nakaugat sa kaniyang sariling bayan. Makikita ito sa mga tema sa tula na pawang tumatalakay tungkol sa mabubuting kaugalian at magagandang kultura ng isang batá na payak na naninirahan sa kanilang lugar tulad ng

kasipagan. Ang mga tula ring ito ay tungkol sa kaniyang kabataan kapiling ang kalikasan, ang ilog, púnong narra, at bukirin na unti-unti nang nagbabago kaya lumilitaw ang pangungulila sa lungsod na kaniyang nilisan. Mababása rin sa mga tula ang panlipunang kamalayan at kultura ng makata dahil sa litaw na pagbanggit sa mga problema tulad ng illegal logging, polusyon, kahirapan, at diskriminasyon sa kasarian. Ibig-sabihin, maaaring gamitin ang Filipino SOX upang isulat ang sariling danas at damdamin ng makata at ng kaniyang sariling bayan sa anyo ng zines sa pamamagitan ng paggamit at paghahalo-halo ng mga wika na sinasalita ng kaniyang lingguwistikong komunidad. Maituturing itong isang

posibilidad sa paggamit ng wika at pagkatha ng panitikan ng rehiyong multikultural at multilingguwal. Isang patunay rito ang pagkilala ng iilang timpalak sa mga tula ni Gerald Galindez na gumagamit din ng Filipino SOX. Ang zines naman ni Kyle Cherifaith Bago mula sa probinsiya Sarangani ay naipagbili sa MOA noong nakaraang Manila Book Festival na may pamagat na "Hangad at Gusto ko Maglangi" na kakikitaan ng pagpapalit ng koda mulang Filipino tungong Bisaya. Kagaya ng mga tulang nabanggit, ang tula ni Castronuevo ay isang pagtatangka na isulat ang wikang alam ng manunulat, ang wikang kaniyang ginagamit at naririnig sa kaniyang banwa.



SANGGUNIAN

Castronuevo, Christian. "Window Seat Itinerary." Zines. 2022

David, Karlo Antonio G. "Davao Filipino and its Literary Possibilities." MA Thesis, Silliman University, 2014.

Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation/Pag-aakda ng Bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000.

Indayon Lynard et al. *Pagsusuri sa Varayti at Varyasyon ng SOX Tagalog: Isang Komparatibong Pag-aaral*. General Santos: Mindanao State University-General Santos, 2022.

Jocson Magdalena O. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Quezon City: Vibal Group, Inc., 2016.

Quijano, Elizabeth Joy. *Dili Puwede Mogawas (Can't Go Out) and Other Stories*. Davao: Ateneo de Davao Press. 2021

Villaluz, Geraldine. "Nalandangan: Kulturang Kapayapaan ng Inay Malinandang ng Talaandig." UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 2014.

Elektronikong Sanggunian:

Ortega, Christine F. "The Quest for Peace in the Literatures of Mindanao." *Unitas Journal*. <https://unitasust.net/wpcontent/uploads/2018/07/UNITAS-91-1-Christine-Ortega-Quest-for-Peace.pdf>.

Lektura:

Tumamac, Michael Jude. *The World of Zine-Making*. SWL. Alabel. Pahinga at Paghinga: A Creative Writing Workshop. October 31, 2022.



Si **HANNAH A. LECENA** ay nagtuturo ng Malikkaing Pagsulat sa Philippine High School for the Arts Makiling Los Baños, Laguna at kasalukuyang kumukuha ng doktorado sa Malikkaing Pagsulat sa UP-Diliman. Isa siyang spoken word performer mula sa Kiamba, Sarangani, Rehiyon 12. Nakapagperform siya sa Perfurmatara 2020 Pandemic Edition, Perfurmatara 2023 at PEN Philippines' Free the word ng Cultural Center of the Philippines. Fellow siya ng mga palihan tulad ng Davao Writers Workshop, Silliman National Writing Workshop, IYAS, Kritika DLSU, Iligan, 5th Amelia Lapena Bonifacio Writing Workshop, Gemino Abad Seminar-Workshop for Teachers in Creative Writing, at Palihang Rogelio Sicat. Ang kaniyang mga sugilanon at nobela ay nakatanggap ng Jimmy Balacuit Literary Awards for Fiction, Satur Apoy-on Prize First Place taóng 2020 at 2023, 2nd Place PNU sa Normal Awards Nobelang Pangkabataan, at Grand Prize Winner sa Lampara Prize-Middle Grade Category. Mababása ang kaniyang mga maikling kuwento sa *Diliman Review*, *Dx Machina Volume 5*, *Luntian Online Journal*, *Kawing Referred Journal*, *AGOS Referred Journal*, *TLDTD*, *Dagmay*, *Takos Referred Journal*, *Santelmo: Liwanag sa Dilim*, antolohiyang Anti-Katha na inilimbag ng The Philippine Writer Series 2023, atibapa. Siya ang awtor ng *Jonas: Nobela sa Wikang Sebwan* na inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino. Recipient ng Publication Grant 2022 ng National Book Development Board para sa kaniyang nobelang pangkabataang *Si Duday Taga-Baybay*.